

1

Sandaling tumigil si Liam nang tumapat siya sa glass door ng *Awesome Events R Us*, ang events coordinating company na pag-aari ng girlfriend niyang si Raine. Alam niyang hindi magiging maganda ang kahihinatnan ng pagbisita niyang iyon. Kakailanganin niya ang matinding lakas ng loob para magawa ang dapat gawin.

Humugot siya ng isang malalim na buntong-hininga bago buksan ang pinto.

Ilang pagbati mula sa staff ang kanyang natanggap na sinuklian niya ng simpleng ngiti. Dumerecho siya sa private office ng nobya. Nakabukas ang pinto ngunit minabuti pa rin niyang kumatok para ianunsyo ang kanyang pagdating.

“Honey,” tawag niya.

“William!” ani Raine nang ibaling sa kanya ang atensyon. “Sit down,” anito na itinuro ang couch. “Please bear with my silence, nagko-conceptualize lang ako.”

Tinungo niya ang couch at naupo. “Go ahead. Pretend I’m not here.”

Sinunod nito ang kanyang suhestyon. Ibinalik nito ang atensyon sa mga photo albums na nagkalat sa mesa. Raine was one talented coordinator. She was passionate at what she does. Sa mga sandaling iyon, sinabi ng nobya na busy ito sa conceptualization ng isang event. Subalit kitang-kita niya ang blangkong ekspresyon sa mga mata nito.

It hurt him to see her suffer. It hurt him to see the love of his life pretended that everything was still okay between them. Bakit mas pinili nitong mahirapan at masaktan sa piling niya kung ibang lalaki na ang makakapagpaligaya rito?

Hinihintay lang niya itong magsabi. Hindi naman niya ito pahihirapan o pipigilan. Mas masakit kasi na nakikita niyang nahihirapan ito sa piling niya.

Kung kaya ni Raine na isakripisyo ang kaligayahan nito, then he could do more. He would let her go. What was the point in keeping her when she was not completely his?

“Raine...” Gulat na napalingon ito sa kanya. Then her eyes turned blank again. Tila hindi niya kakayanin na makita nang paulit-ulit ang ganoong ekspresyon nito. Kailangan na niyang tapusin ang kanilang relasyon kaysa pareho silang masaktan. “Come here for a moment, honey.” Nilambingan niya ang tinig.

Naupo ito sa kanyang tabi at tiningnan nila ang isa't isa. There was nothing but pain in her eyes. Nahihirapan siya sa tuwing nakikita ito na iniinda ang sakit.

For the last time, he would kiss her. Kiss her goodbye. Inilapit niya ang mukha rito; pumikit ito nang mahulaan kung ano ang nais niyang gawin. Pero nagbago ang isip niya. Mas lalong hindi niya kakayanin kung hahalikan pa niya ito. Tumigil siya sa aktong paghalik.

“What’s wrong?” Idinilat ni Raine ang mga mata nang hindi nito maramdaman ang mga labi niya sa bibig nito.

“You tell me what’s wrong.” Marahan siyang umusod palayo rito. “I noticed your coldness these past few months. I waited for you to confide in me, pero mukhang wala kang balak.”

“There’s nothing wrong, William.” Her voice was defensive. “We’re good. We’re fine. We’re okay.”

“No, we’re *not*,” he said with conviction.

“Honey, paranoid ka lang.” Sinubukan nitong lumapit sa kanya pero iniwasan niya ito.

“Tell me what’s going on, Lorraine.”

“There’s nothing—”

“I’m not dumb.” He tried to sound angry kahit pa hindi talaga galit ang nararamdaman niya. Nasasaktan siya.

“William, what’s wrong?” nalilitong tanong nito.

Hindi niya makayanang ipagpatuloy ang galit. Nahihirapan lalo siya habang nakikita ang sakit sa mga mata nito. Kailangan niyang hiwalayan si Raine para na rin sa ikabubuti nilang pareho.

“We are over!” sa wakas ay deklara niya.

Napakunot-noo ito. “What? Ano’ng pinagsasabi mo?”

“You can stop that act, Lorraine. Because you’ll say it, anyway. Kung hindi ngayon baka bukas. O sa isang araw. Bakit hindi pa natin gawing opisyal? Right now. Why don’t you tell me so we can get things over and done with?”

“William, ano ba ang pinagsasabi mo?”

“When was the last time you told me you love me?” Hindi nagsalita si Raine. “When was the last time you initiated a kiss between us? A romantic date? The things that we used to enjoy? Kelan lahat huling nangyari ang mga bagay iyon?”

Nagbaba ito ng paningin. He hated himself for doing that to her. Nakita niya ang sakripisyo nito para isalba ang relasyon nila. But he had no choice, wala na siyang isasalba.

“When was the last time you acted like my girlfriend?” He needed to say the words. “Let me make this easy for you, Lorraine, we are over!”

Pagkatapos niyang sabihin iyon ay dere-derecho siyang naglakad patungo sa pinto upang lumabas ng opisina ng dalaga. He tried not to make any eye contact with the people he bumped into. He could not let them see how painful it was.

Dahil kahit na siya ang tumapos ng relasyon, hindi siya ang may kagustuhan niyon. He had to do that painful task to ensure Raine’s happiness. Because he loved her. And he proved how much he loved her by setting her free. Kahit masakit para sa kanya.

“Doc Liam,” bati ng senior nurse nang makasalubong ito ng binata habang nagra-rounds siya.

“Hello, Nurse Odet!” Sinubukan niyang lagyan ng warmth ang tinig niya nang gantihan ang pagbati nito.

“Bakit ‘andito ka pa?” tanong nito. Namaywang pa ito at masama ang tingin na ipinukol sa kanya.

Tumigil siya sa paglalakad. Inipit niya sa braso ang clipboard na hawak at tinitigan ang mukha nito. “What’s with the angry look? Hindi mo ba gustong makita ang mukha ko?”

“No!” Umiling ito nang paulit-ulit, indikasyon na seryoso ito. “Ayokong makita ang mukha mo ngayon dito. Why, you’ve been covering double to triple shifts lately. You’re no longer taking care of yourself,” paninita nito.

“Oh, Nurse Odet!” ungol niya. “I’m taking care of myself fine.”

“Fine?” Tinapunan siya nito ng matalim na tingin. “Have you seen yourself lately? Tumitingin ka pa ba sa salamin?”

“Why? So I would scream at the sight of my reflection?” Nilangkapan niya ng masayang tinig ang delivery niya sa semi-joke na iyon.

Napabuntong-hininga si Odet. “Liam, you listen to me, okay? You need a break. You need to relax. Huwag mong gawing bahay itong hospital. It will survive without you.”

“Odet, what are you talking about? Pinalalayas mo ba ako?”

She eyed him with every trace of concern. “Liam, I care about you so much kaya gusto kong mag-unwind ka. Eversince you and Raine broke up, parati na lang lungkot ang nakikita ko sa mga mata mo. Sure, you smile all the time, but it doesn’t even reach your eyes. Think about it, Liam. You need a break. As a friend, I encourage you to find your solace somewhere else.”

Hindi nagsalita ang binata. Muli niyang sinabayan ang nurse sa paglalakad. Tahimik sila hanggang sa marating nila ang nurse station. Bago pumasok ang babae ay tumingin pa ito sa kanya.

“Think about it, Liam.”

“Sure,” aniya at tinanguan ito. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad hanggang marating niya ang opisina. Nang pumasok siya sa silid ng mga obstreticians ay naupo siya sa kanyang swivel chair.

Odet tapped a healing injury. She needed not mention the break-up because it was still hurting him. Ginawa niya ang lahat para walang makahalata kung gaano siya kaapektado. Ginawa niya ang lahat para magmukha siyang normal. Pero bakit tila lumalabas pa rin ang katotohanan?

Love Me Like That - Lorry Virgo

Kaya nga sinubukan niyang mag-cover ng shifts ng iba niyang kasamahang doctor. Dahil kapag mag-isa na lamang siya ay wala siyang naaalala kundi si Raine. And her memories were too painful to remember.

That hospital was his refuge from pain. Sa hospital na iyon, may kakayahan siyang tumulong sa ibang tao. At sa mga oras na inilalagi niya roon ay hindi niya naalala ang ex-girlfriend. In more ways than one, that hospital helped him deal with pain.

Hindi siya maaaring magbakasyon. Mas mahihirapan siyang tanggapin ang realidad ng buhay kung mag-isa siya at walang pinagkakaabalahan.

2

Groggy si Joelle nang pumasok siya sa madilim at tahimik na bahay ng kanyang Ate Danielle. Actually, bahay ng kanyang mga magulang. Subalit dahil pumanaw na ang mga ito ay sa kapatid niya napunta ang bahay.

Mayroon siyang sariling apartment dahil mas gusto niyang mabuhay mag-isa. Hindi niya gustong may nanonood sa bawat galaw niya. Ayaw niyang pinakikialaman siya. She was an independent person. Hindi niya kailangan ang kahit sino para mag-survive.

“Drunk again?” anang isang tinig sa dilim.

“Who cares?” pabulong niyang sagot. Nahihilo siya at pakiramdam niya ay babagsak siya. Kinapa niya ang pader. Sumandal siya roon para sa suporta. Naparami yata ang nainom niya.

“Kailan ka pa natuto na uminom nang ganyan, Joelle?” Muli ay nagsalita ang tinig kasabay ng pagbaha ng ilaw galing sa lampshade.

Lumiwanag ang paligid, pero malabo ang tingin niya sa kanyang ate. Nanlalabo ang paningin niya dahil sa hilo. Pakiramdam niya ay umiikot ang buong

mundo.

“Joelle, why are you acting childish?” Concerned ang tinig na nagmula kay Danielle, walang halong panunumbat. Ngunit sapat na iyon para gumapang ang inis sa kanyang sistema.

“Stop asking questions, okay?” she snarled. Inilapat niya ang likod nang mas madiin sa pader. Tumitindi na ang kanyang hilo pagkatapos ay dinadagdagan pa ng ate niya.

“You need professional help,” seryosong sabi nito. Sapat na iyon para ma-trigger ang kinikimkim niyang galit.

Idinilat niya ang mga mata. Matalim na tingin ang ipinukol niya rito. Isang sarkastikong tawa ang kumawala sa kanya. “I need help, huh? Ate, baka nakakalimutan mo kung bakit ako ‘andito ngayon sa bahay mo. It is funny that you’re still condescending when *you* are the one who really need help. My help!”

“Halos gabi-gabi kang lasing.” Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “Why don’t you let me in into your life, Joelle? Into your heart? Bakit kahit ano’ng gawin ko’y itinutulak mo ako palayo? Ano ba ang nagawa ko sa iyo?”

“Let’s stop this nonsense, okay!”

“Have I done something wrong to make you feel that way? Whatever happened to us?” Punong-puno ng emosyon ang tinig ng kapatid.

Sumimangot si Joelle. She hated drama. Their lives were full of sh*t already. Hindi na nila kailangan pang dagdagan. They could, at least, pretend that everything was okay. “Can we talk about this tomorrow?” Hilong-hilo na siya at kailangan na niyang dalhin ang sarili sa banyo.

Umiikot ang buong paligid nang idilat ni Joelle ang kanyang mga mata. Muli siyang pumikit. Ganoon pa din. *Sh*t!* Hindi mawawala ang hangover na iyon. Alam niyang hindi basta lilipas ang ganoon katinding sakit ng ulo.

Nilabanan niya ang hilo. Pinilit niya ang sarili na tumayo mula sa kama. Tinungo niya ang banyo at nilunod ang sarili sa maligamgam na tubig ng shower. Kahit paano ay nabawasan nito nang kaunti ang pagkahilo niya. Pero mas makakatulong ang pain reliever sa pagkakataong iyon.

Matapos maligo ay bumaba siya. Nang marating ang kusina ng bahay ay kaagad niyang hinalungkat ang medicine cabinet. Nang makita ang pain reliever

ay kumuha siya at mabilis na ininom iyon, pagkuwan ay nagtimpla siya ng kape.

Naupo siya sa couch ng living room. Ilang minuto na siyang nakatunganga roon nang mapagtanto niyang siya lang ang tao sa bahay.

Nasaan si Ate Danielle? tanong niya sa sarili. Oh, well, malamang nagpa-checkup.

Isang sarkastikong ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi. Ang ate niyang si Danielle, the prim and proper. Ang responsableng anak ay buntis. At ang ama ng bata ay naglahong parang bula. Mag-isa nitong dadalhin ang problema. Iniwan ng boyfriend ang responsibilidad na sana ay magkatuwang na haharapin ng mga ito.

Her sister was alone. Danielle needed her more than ever. May chronic asthma ito at siya lamang ang nag-iisang kapamilya nito kaya naroon siya sa bahay na iyon. Wala siyang ibang choice kundi damayan ito.

Life had never been easy on her nor to her sister. They both had tough lives. Probably that was the reason why she ended up a cynic. Her history defined who she was as a person and she could never escape them.

Pero ang mga napagdaanan niya ang rason kung

bakit siya naging matatag. It made her independent. Iyon din ang rason kung bakit lumayo siya sa mga taong mahal niya. Subalit hindi siya masaya na nag-iisa.

Kaya lang, kailangan niyang protektahan ang sarili. There were too much pain in her life. Kailangan niyang mag-ingat. Isang matinding paghihirap pa ay hindi na niya maibabangon ang sarili.

Hindi niya hahayaan ang kahit sino o ang kahit ano na saktan siya. Iyon ang dahilan kung bakit nilagyan niya ng pader ang sarili na ultimo si Danielle ay hindi ma-penetrated. Wala itong nagawa nang magdesisyon siyang ilayo ang sarili sa lahat ng tao.

“Joelle?” katok mula sa labas ng pinto.
“Dinnertime!”

Tiningnan niya ang saradong pinto. “Not hungry,” maiksi niyang sagot. Saglit siyang naghintay ng papalayong yabag subalit wala siyang narinig.

“May I come in?” ani Danielle sa labas ng pinto.

Isinara ni Joelle ang aklat na binabasa at saglit na nag-isip. Dahil wala naman siyang gagawin kundi ang magbasa ng libro, maigi sigurong

makipagkuwentuhan na lang siya sa kapatid. “Come in!” malakas na tugon niya.

Pinanood niya ang pagpihit ng seradura hanggang sa pagbukas ng pinto. Naunang tumambad ang bilog na tiyan ng babae. Nakakapanibago na makita itong nasa ganoong kalagayan. Ni hindi siya nagkaroon ng chance na masaksihan ang paglaki ng tiyan nito. Pitong buwan na ang dinadala nito bago niya nalaman na buntis ito.

“It’s so nice to finally see you sober,” anang kapatid na nakangiti. Mukhang sinsero ito sa sinabi. Mukhang wala sa mood na magsermon.

Hindi niya napigilan ang pagsilay ng nahihiyang ngiti. Hindi naman kasi maikakaila na parati siyang lasing o nakainom sa tuwing umuuwi ng bahay. Hindi siya proud na medyo nagiging dependent siya sa alak para patayin ang lungkot. Pero parati niyang ikinakatuwiran na parte iyon ng trabaho niya.

“I’m a call center agent, Danielle. Part of my job is to attend our after work bonding moments. Kalimitan inuman iyon. So what can I do? The drinks are free, might as well grab them.”

“You’re overdoing it.”

“I’m enjoying my life.”

Hindi umimik ang kapatid. Nanatili itong nakatayo sa tabi ng pinto. “Kumusta ka na?”

“I’m okay,” simpleng sagot niya. “Kanina pa nag-subside ang hangover ko.”

“Hindi iyon ang ibig kong sabihin.” Napangiti si Danielle sa isinagot niya. Lumakad ito palapit sa kanya at naupo sa gilid ng kama. Ilang dipa lang ang pagitan nilang dalawa. “How are you doing in general? Love? Life? Career?”

“Career is the only thing I have, Ate. Life is one hell of a drag. Love, non-existent, since you know when.” Kahit pilit niyang iwasan na mabahiran ng lungkot ang kanyang tinig ay lumabas iyon nang kusa.

“You haven’t found the right one after him? After you know...”

“He was the right one.” Tumaas ang timbre ng boses niya. Danielle should have known better than to ask her about him. Hindi ganoon kabilis maghilom ang sugat. Hindi ganoon kadaling kalimutan si.... “He would always be the right one for me.”

“But, Joelle, he’s—”

“Don’t say it!” babala niya. Alam niya ang

kasunod na sasabihin nito. At hindi niya iyon gustong marinig. Dahil hindi pa niya tanggap. Hindi pa siya handang pag-usapan ang bagay na iyon. “Tbahin na lang natin ang usapan.”

“Okay.” Napilitan itong sumang-ayon sa kanyang kagustuhan. Hinihimas-himas ni Danielle ang tiyan. “Lalaki ang magiging anak ko,” anito. “Three weeks na lang due na ako.”

Muntik na siyang mapangiti dahil sa ibinalita nito. Muntik na niyang lapitan ang kapatid para yakapin. Pero naagapan niya ang sarili bago maging emotional. Kailangan niyang magkunwari na hindi siya na-touch sa sandaling iyon. Na parang bale-wala sa kanya ang kaligayahang nakapinta sa mukha nito.

She could not afford to show how happy she was. Natatakot siyang may maging kapalit na lungkot ang kaligayahan niya. “Magiging okay ka lang ba?” Magkasalubong ang mga kilay niya nang magtanong.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Your asthma and your heart enlargement?” paalala niya.

“My doctor said that I’d be fine.” Ngumiti ito. Subalit sa kabila ng nakangiti nitong mukha ay mababanaag ang takot sa mga mata nito. She knew

her sister was trying to be brave.

Gusto niyang dagdagan ang lakas ng loob nito. Add her own strength to her sister's. Or better yet, she could be the strong one. Pero hindi niya basta magagawa iyon. Hindi niya kaya.

Siguro nakita rin ni Danielle ang takot sa kanyang mga mata. Lumapit ito sa kanya, kinuha ang mga kamay niya at marahang pinisil. "Don't worry, Joelle, maraming may asthma na nanganganak nang walang problema. Ganoon din ang mangyayari sa akin."

Mula sa mukha nito ay bumaba ang kanyang mga mata sa magkahawak nilang mga kamay. Gaano na ba katagal magmula nang huli silang mag-usap nang ganoon? Matagal na. They used to be that close. They used to tell each other their secrets, fears, hopes and dreams. Iyong panahon na kaya pa niyang ipakita sa mundo ang tunay niyang nararamdaman.

Pero kinailangan niyang hindi masanay sa presence at pagmamahal nito. Dahil natatakot siyang pati ito ay mawala sa kanya. Lahat kasi ng mahal niya iniwan na siya.

Marahan niyang inalis ang mga kamay mula sa pagkakahawak nito. Iniba niya ang takbo ng usapan. "So, paano ang tatay ng anak mo?"

“Paano siya?” Ngumiti ang kapatid. “When he walked away from me, he walked away from his son.”

“Can I, at least, know the name of your baby’s father?”

“What for? Hindi na siya parte ng buhay namin.”

“What if...?” Hindi niya naituloy ang sasabihin. Parang may bikig sa kanyang lalamunan na pumipigil sa pagdaloy ng kanyang boses.

“I died?” Itinuloy ng kapatid ang dapat sana ay sasabihin niya. “What if I died of childbirth?”

Hindi nag-react si Joelle. Ni hindi niya ito tiningnan.

“I won’t die,” her sister said with conviction. Tumayo ito, senyales ng pagtatapos ng usapan. Naglakad ito patungo sa pinto, ngunit bago lumabas ay nagbitiw pa ito ng salita. “Anyway, if I died, ‘andiyan ka naman para alagaan siya, di ba?”

3

“You’ve been loveless for a long time, Joelle. Come on! Go out with me. I’ll make you happy,” pangungulit ni Gerry sa kanya. Kasamahan niya sa trabaho ang lalaki.

Humalakhak siya. Iniangat niya sa mesa ang isang baso ng beer at ininom iyon. Nang masaid ang laman ay sinagot niya ang kalokohan nito. “Paano mo naman naisip na kaya mo akong paligayahin?”

“I can love you!” derecho at seryoso ang sagot nito.

Isa uling halakhak ang kumawala sa kanyang lalamunan. Ngunit hindi na niya pinansin ang binata. Hahayaan niya itong magsalita nang magsalita. Naging ugali na ni Gerry na ligawan siya sa tuwing lumalabas silang magkakatrabaho. Tulad ng mga sandaling iyon, may nagaganap na party sa kanilang paligid. Isang kasamahan nila ang nagpakasal at halos lahat silang mga kaopisina nito ay imbitado.

“Pero ang isang malaking katanungan dito, Joelle, ay kung kaya mo ba akong mahalina?”

“Mali ang itinanong mo.” Dumukwang siya

palapit dito para maintindihan nito nang maigi ang kanyang sasabihin. “Ang tanong diyan ay kung kaya ko bang magmahal ng kahit sino.”

“Come to think of it, hindi nga kita nakita kahit minsan na may kasamang lalaki.”

“Right! Dahil hindi ako marunong magmahal.”

“True!” palatak ng lalaki. “Napansin ko ngang malamig ka at emotionless. Tumatawa pero hindi naman umaabot sa mga mata. There is something in you that makes me curious. Are you a cold person by nature?”

Tulad nga ng sinabi ni Gerry, cold siya kaya nagawa pa niyang pagtawanan ang mga sinabi nito.

Isang tapik sa balikat ang nagpalingon sa kanya. Naroon sa kanyang likuran ang kaibigang si Joaquin. He was wearing his favorite facial expression, *I’m-worried-about-the-world*. “Kailangan nating mag-usap.”

If she didn’t know any better, she would worry herself. Pero kilala niya si Joaquin. Ginawa na nitong obligasyon na pakialaman ang buhay niya. “Ano’ng pag-uusapan natin?”

“P’wede bang tumayo ka na lang ‘dyan?”

Nakataas ang kilay nito nang sungitan siya. Hinagip nito ang kanyang kamay at hinila siya patayo saka kinaladkad palayo sa grupo.

“Ano ba ang pag-uusapan natin?” naiirita niyang tanong. Halos madapa na siya sa paraan ng paghila nito sa kanya. Ilang kasamahan sa trabaho rin ang nabunggo niya dahil sa paghabol sa kaibigan. “Joaquin, bitiwang mo nga ang kamay ko.”

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. He continued dragging her. Nagsisimula na siyang tunay na mainis. Hindi niya gusto ang suspense.

“Joaquin!”

Hindi nito niluwagan ang pagkahawak sa kamay niya. Dahil sa kawalan ng magawa at dahil na rin sa kaalaman na matigas ang ulo ng kaibigan, hinayaan na lamang niya ito na hilain siya.

Nang tunguhin nila ang kinapaparadahan ng sasakyan nito ay kaagad niyang nahulaan na hindi sila roon mag-uusap.

“Get in!” utos ng lalaki nang bitawan ang kanyang kamay at naglakad patungo sa pinto ng driver seat. Saglit siyang napatanga rito bago sumakay sa front passenger seat. “In case you are wondering, we are heading to the hospital,” he announced.

“Bakit?” Bigla ay natawa siya sa sinabi nito. “Because I’ve been drinking too much lately?”

“No! Manganganak na ang ate mo.”

Ilang segundo ang lumipas bago nag-register sa utak ni Joelle ang sinabi nito. Siguro dahil sa dami ng nainom na alak kaya delayed ang reaksiyon niya. How come the timing was awful? Bakit hindi napagdesisyunang manganak ni Danielle noong mga panahong nasa bahay lang siya? Bakit pinili nitong magpunta sa hospital kung kailan nasa party siya? At bakit alam ni Joaquin na manganganak ito? She’s the sister!

“How did you know about this?” usisa ni Joelle.

“Apparently, tinawagan ka ng maid ng ate mo, pero dahil busy ka sa pakikipagharutan kay Gerry, hindi mo naririnig ang tawag. Siguro sinabi ni Danielle na ako na lang ang kontakin.”

Nanahimik siya. Now, she had to think about the ongoing labor Danielle was having. Naglalaro sa isip niya ang peligro na kinakaharap nito.

Bigla siyang natakot. Natakot para sa kapatid at para sa baby. At para rin sa sarili niya. Tumulo ang luha sa kanyang mga mata. Ilang taon na niyang inilayo ang sarili sa kapatid dahil sa takot na mawala

ito sa kanya. But now that Danielle's life might be in grave danger, pinagsisihan niya ang paglayo rito. Bigla niyang na-realize na sana ay hindi siya naging makasarili.

Dapat pinahalagahan niya ang bawat minuto na kasama niya ito. Because she never knew when she would lose her sister.

“Things will be okay,” masuyong sabi ni Joaquin. Naramdaman niyang hinawakan nito ang kanyang kamay at marahang pinisil.

“I'm scared,” nagawa niyang sabihin sa kabila ng bikig sa lalamunan.

Pagod ang katawan ni Liam nang lumabas sa delivery room. Hindi birong klase ng delivery ang ginawa niya. Nameligro ang buhay ng mag-ina. And the aftermath of that delicate procedure was taking its toll on him.

“Doc Liam...” tawag sa kanya ni Joaquin, ang kaibigan ng pasyente niya. “Kamusta na po si Danielle at ang baby?”

Bago niya sinagot ang lalaki ay tinapunan muna niya ng sulyap si Joelle na nakaupo sa lounge.

Nakatulala ito, bakas pa rin ang takot sa mukha nito sanhi ng pamemeligro ng buhay ng kapatid. Siguro hindi pa rin ito nakaka-recover sa shock na naramdaman nito kanina.

“Is she okay?” tanong niya kay Joaquin na itinuro pa ang tulalang dalaga.

Nilingon din nito ang babae. “Yeah, she’s fine. Medyo late lang ang registration sa kanya kaya natulala.”

Ipinagpatuloy ni Liam ang pagmamasid kay Joelle. She looked far from okay. Mukhang apektado pa rin ito.

Habang nakatingin dito ay mayroon siyang napansin. Mayroong kung ano sa hitsura nito ang nakakaapekto sa kanya. Parang... parang nalulungkot din siya para rito.

“Doc, kamusta ang mag-ina?” muling tanong ni Joaquin.

Hindi pa man siya handang tanggalin ang paningin kay Joelle ay binawi niya iyon. Itinuon niya ang tingin sa kausap. “Danielle is fine. Nasa recovery room na siya. Iyong baby naman, nililinis na ng nurse. In a few minutes, dadalhin na siya sa nursery.”

“Wala na bang problema si Danielle?”

“Well, she’s asleep. Sedated siya kaya tulog siya the whole procedure.” Muli niyang tiningnan ang kapatid ng kanyang pasyente. There was something in her that caught his attention... bukod sa mukha nito na kahit puno ng lungkot ay hindi makakaila na maganda.

It was like she was crying for help even though she was just sitting there in silence. Nasa aura nito ang helplessness. She seemed so fragile, so tortured and hurt.

“Doc,” boses ni Joaquin ang nagpabalik sa kanyang kamalayan. Pero pinanatili niyang nakatutok ang mga mata sa mukha ng dalaga. “Gusto mo, Doc, turukan mo na din ng sedative si Joelle?” pabirong sabi nito.

Inilipat ni Liam ang tingin sa binata. “I suggest, iuwi mo na siya. Let her sleep for a while para mag-subside ang shock sa katawan niya. Anyway, kung magkaroon man ng problema kay Danielle, we’ll notify her.”

Muling bumakas ang pag-aalala sa anyo ni Joaquin. “So posibleng magkaroon pa rin ng problema sa kanya?”

“We’ll never know for sure. As of the moment, wala namang threat. Magpahinga na rin muna kayo habang tulog pa si Danielle.”

“Whatever it is, please let us know, Doc.”

“Of course.” He smiled. Tinapik pa niya ang balikat nito. “You have to take her home. Mukhang naghahanap na rin ng pahinga ang katawan ninyo.”

“Okay.” Isang tango ang ibinigay niya rito. Tumalikod na rin siya para tunguhin ang kanyang clinic. He was also tired and his body was screaming for rest.

4

“Joelle!”

Itinakip niya ang unan sa tainga para lunurin ang boses ng tumatawag sa kanyang pangalan. Mahilo-hilo pa siya dahil sa kakulangan sa tulog.

“Joelle,” ulit ng boses. Mas malakas na ang pagtawag nito. Ipinatong niya ang kamay sa unan na nakapatong sa kanyang mukha. Hinila nito ang unan mula sa pagkakatakip sa kanyang mukha at pilit siyang itinayo ngunit nagmatigas siya.

“Joaquin, kaibigan kita at gusto kitang maging kabigan habang-buhay, pero kung hindi mo ako patutulugin ulit, you will die on the spot.”

“Tumayo ka na nga!” May urgency na sa tinig nito. “Pupuntahan natin ang kapatid mo at ang anak niya.”

Napabangon siyang bigla nang marinig ang sinabi nito. Dere-derecho siya sa banyo at nag-shower nang mabilis. Oo nga pala, nanganak na si Danielle nang nakaraang gabi. Kailangan nila itong puntahan ora mismo para makapagpahinga na rin ang katulong na nagbabantay rito.

Naging walang kuwenta siyang kapatid kay Danielle dahil sa takot. Natakot siyang pati ito ay mawawala sa kanya katulad ng ibang taong napamahal sa kanya.

But not anymore!

Today was another day. Ngayon, muli niyang ibabalik ang dati nilang closeness. Sisimulan niyang i-repair ang relasyon nilang magkapatid na siya mismo ang sumira.

Patakbo niyang pinuntahan si Joaquin pagkatapos magbihis. Nakaupo na ito sa driver seat, hinihintay na lamang ang kanyang pagsakay.

“Joaquin!” masaya niyang sabi. “Nagpasalamat na ba ako sa iyo dahil sobrang bait mong kaibigan?”

Nakakunot ang noo nito nang tingnan ang mukha niya. Parang hindi ito makapaniwala na sa kanya nanggaling ang masayang boses na iyon.

“Ano’ng nakain mo?” nagdududang tanong nito habang inilalabas ang kotse sa garahe.

“Wala!” nakangiti pa rin niyang sagot. “Joaquin, alam mo naman siguro kung gaano ko na-appreciate ang friendship natin, di ba?”

“Bakit ba maganda ang mood mo?” tanong ng

lalaki na hindi maitatangi ang pagiging distracted. Kapansin-pansin ang lalim ng iniisip nito.

Sinubukan niyang alisin ang ngiti. Sumeryoso siya. “May problema ka ba?”

“Oo,” anito, malungkot ang boses. “Pero hayaan mo muna akong mag-drive hanggang marating natin ang hospital.”

“Tungkol saan ba ang problema mo? Sa bahay ninyo? Sa trabaho?”

Hindi ito nagsalita, ipinagpatuloy lamang ang pagmamaneho.

Nagkibit-balikat na lamang si Joelle. Katahimikan ang gusto nito? Ibibigay niya iyon. Anyway, nangako naman ito na ibabahagi sa kanya ang naturang problema.

Tahimik ang naging biyahe nila. Paminsan-minsan ay sinusulyapan niya ang kaibigan. Nakikita niya ang confusion at lungkot sa mga mata nito.

Natuwa ang dalaga nang matanaw na niya ang building ng hospital. Ilang sandali na lamang ay mayayakap na niya si Danielle. Maipaparamdam na niyang muli ang pagmamahal dito. Ilang minuto na lamang ay makakarga na niya ang pamangkin.

Madaling nakakuha ng parking space si Joaquin. Excited siya sa pagtanggap ng seat belt nang pigilan nito ang kanyang braso. “Joelle, may kailangan kang malaman,” mahinang-mahina ang boses na umpisa nito, parang ayaw iparinig sa kanya.

“Ano iyon?” Tiningnan niya nang derecho ang mga mata nito.

“Joelle, hindi kasi ito madaling sabihin sa iyo, eh.”

Tinanggal niya ang kamay nitong najakahawak sa kanyang braso at pumihit paharap dito. Hinawakan niya ang kamay ng binata para ipaalam na handa siyang makinig. “Tell me,” aniya.

Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan nito bago sabihing, “Danielle is in coma.” Narinig niya ang sinabi nito, pero hindi iyon kaagad pumasok sa utak niya. Dahan-dahang lumuwag ang paghawak niya sa kamay nito.

Parang nanlaki ang ulo niya sa realisasyon. It hit her so hard that she could barely react. Napatitig siya kay Joaquin; hoping against hope na bawiin nito ang sinabi.

“I’m so sorry,” anito pagkatapos ay niyakap siya nang mahigpit.

Ang shock na naramdaman ni Joelle ay naglaho. Napalitan iyon ng sakit na kaagad ding nawala. Namanhid ang kanyang buong pagkatao sa kaalaman na nasa comatose stage ang kapatid niya. Ni hindi niya nakuhang umiyak.

Kumalas ang kaibigan mula sa pagkakayakap sa kanya. “Joelle, please say something,” nakikiusap na sabi nito. Pero wala siyang reaction. Wala siyang masabi.

Naramdaman niyang inalog-alog nito ang kanyang mga balikat. He was forcing her to react. Pero paano niya magagawa iyon kung manhid ang lahat ng parte ng kanyang pagkatao? Paano siya magre-react sa kaalaman na ang kanyang kapatid ay hindi buhay ngunit hindi rin patay.

Liam could not believe it. Nabigla siya sa nangyari kay Danielle.

Nang mawalan ito ng malay habang nanganganak ay minabuti niyang idaan sa Caesarian section ang paglabas ng bata dahil maaaring maulit ang pagkawala ng malay-tao nito sakaling ipagpatuloy niya ang normal delivery. At kung nagkagayon, maaaring hindi na niya ito ma-revive.

Danielle fought. And she fought so hard. Kaya malaking katanungan kung bakit na-comatose ito. Natigil ang pag-iisip niya nang may kumatok sa pinto ng kanyang opisina.

“Come in!”

Pumasok ang dalawang tao na inaasahan niyang magiging panauhin sa mga sandaling iyon—sina Joelle at Joaquin.

“Good morning, Doc,” malungkot na bati ng lalaki.

“Good morning,” sagot niya. “Have a seat, you two.” Itinuro niya ang dalawang upuan sa tapat ng kanyang mesa.

Katulad nang nagdaang gabi, pinagmasdan niya ang dalaga. He could not help but wonder why a beautiful face looked so helpless. Nakapinta sa mukha nito ang takot at ang sakit. Joelle’s eyes were screaming helplessness.

He knew he had to do something to keep her faith because she obviously lost it.

“Doc, ano po ang nangyari?” Nagmula ang tanong kay Joaquin.

Ipinagsiklop niya ang mga kamay sa ibabaw

ng mesa. He knew he looked so business-like with that gesture. But he was the doctor and it was an official business. He needed to detach himself for a moment para magawa niya ang tungkulin. Mayroon kasi siyang tendency na maging sobrang involved sa pasyente at sa pamilya ng mga ito. Ngunit sa pagkakataong iyon, hindi makakatulong ang kanyang personal involvement. Kailangan niyang maging propesyonal.

“Joelle,” he spoke directly to her.

Tila nabigla pa ito nang marinig ang pangalan galing sa kanya. She looked at him straight into his eyes.

“I think you are now aware of Danielle’s condition,” he started in a controlled voice, neither professional nor friendly. But the concern was certainly there.

“Yes, Doc,” sagot nito. Derecho ang tingin nito sa kanyang mga mata.

“Kagabi, nawalan siya ng malay habang nagle-labor. We revived her. Do you remember I asked you kung papayag ka na ma-Caesarian siya?”

Tumango ito. “Yes, Doc, natatandaan ko po.”

“It was because I couldn’t take the chance for her to have a normal delivery. Hindi ko sigurado kung magagawa ko pa siyang i-revive kung muli siyang hihimatayin. You know I am her doctor from the very first stage of her pregnancy. It is safe to say that I know her history. I know her pre-existing condition. She has an asthma and a heart enlargement. We tried to work things out to minimize the attack during her labor.”

Sandali siyang tumigil sa pagpapaliwanag para bigyan ng pagkakataon ang dalawang panauhin na makapagtanong. But apparently, they hadn’t formulated any questions just yet. They were both hanging intently to every word he said.

“She was sedated, asleep while giving birth. Normally, one to two hours ang duration ng sedative pagkatapos ay magiging na ang pasyente. Pero hindi nagising si Danielle. We started monitoring her on her third hour, until the third became the fourth. The fourth became the fifth and still counting.”

“Bakit hindi po agad ako na-inform nang ma-realize ninyo ang sitwasyon ng ate ko?” tanong ni Joelle.

“You were informed, through me.” Si Joaquin ang sumagot sa tanong ng kaibigan. “Pinakiusapan ko si Doc na ako na lang muna ang tawagan sakaling

may problema. Pinili kong pagpahingahin ka muna dahil wala rin naman tayong magagawa. You needed to rest. Iyon lang ang habol ko.”

Itinikom ng babae ang bibig. Nagbaba ito ng paningin.

Ipinagpatuloy ni Liam ang paliwanag, “There could possibly be a reason or two why Danielle lapsed into a coma. I’m not yet sure what was the cause. It could probably be a complication during her delivery or it could be something else. Pero dapat n’yong malaman na maaaring psychological rin ang rason kung bakit nangyari ito. Maaaring may matinding emotional crisis si Danielle kaya’t minabuti ng isip niya na huwag magising.”

Tumutulo ang luha ni Joelle habang nakadungaw sa nursery. Pinanonood niya ang pagtulog ni Baby Aaron, Danielle’s son. Hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na itanong sa kapatid kung ano ang ipapangalan nito sa anak kaya siya na muna ang nagbigay ng pangalan dito.

Baby Aaron looked like an angel. A very handsome little angel. Napaka-peaceful ng mukha nito habang natutulog. Napakainosente nito sa mga kaganapan

sa paligid niya. The baby was hardly aware that his own mother was fighting for her life.

“Here...” Isang panyo ang nag-materialize sa kanyang harapan. Nang kuhanin niya iyon ay tiningnan niya kung sino ang nag-abot. Nakatayo sa kanyang gilid si Doc Liam. “It’s clean,” dagdag nito.

Dahan-dahan niyang kinuha ang panyo. Ipinahid niya iyon sa basang-basa niyang pisngi. She just could not stop crying

Why was her life full of pain? Full of suffering? Why did she have to undergo so many torturous situations over and over again? Wala naman siyang sinaktan o tinapakan na tao para maranasan niya ang masasakit na pangyayari sa buhay niya.

“If it will make you feel any better, Danielle loves you so much,” sabi ng doctor.

“Paano ninyo naman po nalaman?” tanong niya sa pagitan ng paghikbi.

“Ikaw ang madalas niyang ikuwento kapag nagpapa-checkup siya.”

Dapat ay gumaan ang kanyang pakiramdam dahil sa sinabi nito. Pero iyon pa ang naging dahilan para lalo siyang umiyak. Lalo siyang na-guilty dahil

kahit pala ipinagtulakan niya ang kapatid palayo ay hindi pa rin ito tumigil sa pagmamahal sa kanya.

Nalungkot ang mukha ni Liam sa naging reaksyon niya. “I guess it didn’t make you feel better.”

Sa kabila ng pagluha ay nagawa niyang ngumiti. She was somewhat grateful that he was distracting her from her grief. Somehow, she was grateful that an outsider was trying to make her feel okay. “It made me feel a bit better, Doc.”

“Sigurado ka?” di-kumbinsidong tanong nito.

“Siguro,” ang maiksi niyang sagot.

Tumango na lamang ito. “Listen, Joelle, I can only imagine how difficult the situation you’re in right now. But if you ever need help, kahit na anong tulong, please, huwag kang mahihiya na magsabi sa akin. After all, ako naman ang doctor ni Danielle.”

“Sige po, Doc. At saka, maraming salamat po.”

“I’m sure you know where to find me?”

Isang ngiti ang pinakawalan niya. “Opo, madali ko po kayong makikita rito.”

“True. Pakalat-kalat lang ako dito sa floor na ito. Kung di man ako makita sa hallway, nasa office lang

ako.” Ito naman ang ngumiti. “O sige, maiwan muna kita. Magra-rounds pa ako. Mag-bonding muna kayo ni Baby Aaron.”

“Thanks, Doc.”

Wala sa loob na pinanood niya ang lalaki habang papunta ito sa isang kuwarto. Nang wala na ito sa kanyang paningin ay naalala niya ang panyo nito. Gusto sana niya itong sundan, pero naisip niya na maaaring kailanganin niya iyon.

Sigurado siya na tutulo pa nang husto ang luha niya kapag pinuntahan niya si Danielle sa kuwarto nito.